

MGA ULIRANG GURO SA FILIPINO, MAKIKILALA NA

ULIRANG GURO 2014



I-click ang thumbnail para sa mas malaking imahen ng mga resulta

Apatnapu't limang *Ulirang Guro sa Filipino* mula sa iba't ibang panig ng Filipinas ang napili ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) mula sa humigit-kumulang 120 lahok.

Tatlong *Ulirang Guro* sa antas tersiyarya, 30 sa sekundarya, at 12 sa elementarya ang nangibabaw at nagpakita ng angking husay at inisyatiba sa pagtuturo at pagpapalaganap ng Filipino sa paaralan at sa komunidad.

Aktibong nagpása ng mga lahok ang mga paaralan at pandibisyong sangay ng Kagawaran ng Edukasyon mula Lungsod Dagupan, Pangasinan hanggang Lungsod Kidapawan, Cotabato.

Pinatunayan ng mga *Ulirang Guro* na hindi lámang sa loob ng klasrum kailangang palaganapin at paunlarin ang wika at kulturang Filipino. Bukod sa kanilang mataasna antas ng kahusayan (*performance rating*) at aktibong pakikibahagi sa mga gawaing ko-kurikular katulad ng pagiging school paper adviser at paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo, nagpamalas din ang mga *Ulirang Guro* ng aktibong partisipasyon sa komunidad sa pamamagitan ng pagtuturo sa ibang miyembro ng pamayanan at pangunguna sa mga gawaing kultural.

Sabay-sabay pararangalan sa 19 Agosto 2014 ang 45 *Ulirang Guro sa Filipino* sa kani-kaniyang pandibisyong sangay ng Kagawaran ng Edukasyon o Sentro ng Wika at Kultura. Makatatanggap ng

sertipiko ng pagkilala at KWF medalyon ang mga nagwagi.

Bisitahin ang www.kwf.gov.ph para sa kompletong listahan ng mga napiling *Ulirang Guro sa Filipino*.

GAWAD ULIRANG GURO SA FILIPINO

Guro ang pundasyon ng sibilasyon, at sa ganitong pananaw isinilang ang Gawad Ulirang Guro sa Filipino na kumikilala sa mga natatanging guro na pawang nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng matalino at malikhaing gamit ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina, saanmang rehiyon sila nagmula, at nakapagpamalas ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana ng bansa. Kinikilala rin nito ang mga pambihirang gawain ng guro, sa mga anyong gaya ng akademikong ugnayan, saliksik, at pagpapalaganap ng wika upang mahikayat ang bagong henerasyon ng kabataan na kasangkapin ang Filipino at iba pang wikang katutubo sa mataas na antas at tungo sa ganap na kapakinabangan ng mga mamamayang Filipino. Isinaalang-alang sa pamimili ang lawas ng mga akda at dokumentadong gawain ng bawat guro, sa loob man ng paaralan o sa malawak na lipunan.